# Ano ang maitutulong ng sektor ng kultura?

Te Korowai Whetū
Social Cohesion

Social Cohesion Guide for the Culture Sector

## Pagiging kabilang sa pamamagitan ng sining, media, isport

Kabilang sa pangkulturang sektor ang media at sining, kultura at pamana, gaya ng industriya ng pelikula, sining ng pagganap at mga museo. Ang pag-unawa ng mga tao sa social cohesion, pagsasama at pagkakaiba-iba ay hinuhubog kadalasan ng nilalaman (content) na likha ng pangkulturang sektor. Ang sektor ay may pangunahing tungkulin sa pagbuo ng social cohesion sa pamamagitan ng nilalaman na sumasalamin sa pagkakaiba-iba at iba't ibang epekto nito sa iba't ibang tao sa Aotearoa New Zealand. Ang pagkukuwento (storytelling) sa lahat ng antas, mula sa mga pelikulang nagtatampok (feature films) hanggang sa mga balita, ay nagbibigay ng mahalagang elemento sa pagpapakita ng ating kulturang may pagkakaiba-iba at tumutulong sa ating lahat na magkaugnayan.

Tayong lahat ay magkakaiba ngunit gusto nating makisamang mabuti, ipagdiwang ang ating pagkakaiba-iba at igalang ang isa't isa kahit hindi tayo sang-ayon sa kanila. Mahalaga ito dahil hindi lahat ay nakadarama na magagawa nilang maging totoo sa kanilang sarili o nagtitiwalang pakikinggan ang kanilang sasabihin.

Lalo tayong nagiging isang bansang may pagkakaiba-iban kung saan ang ating mga negosyo ay nagsisilbi sa maraming iba't ibang komunidad. Kailangan nating humanap ng mga paraan upang pakinggan at marinig ang isa't isa. Nais nating tumuon sa pag-unawa sa ating mga pagkakaiba at kalakasan at pagsikapang gawin ang makapagbubuklod at mas makapaglalapit sa atin.

## Pagiging kabilang
# – ang anyo nito

Sa isang lipunan kung saan nagkakasundo ang mga tao, kilala natin ang isa't isa, kilala natin ang ating mga kapitbahay, dama nating tayo ay kasali sa ating lugar ng trabaho, dama ng ating mga anak na bahagi sila ng ating mga komunidad at alam natin kung saan tayo pupunta upang humingi ng tulong kung kailangan natin ito. Dama natin na kaya nating makipag-usap sa mga taong hindi natin karaniwang nakakausap, magsalita kapag narinig nating nagsasabi ng mga bagay na mapangdiskrimina ang mga tao, at dama nating malaya tayong makakapagbahagi kung sino tayo, saan tayo nanggaling, at paano natin ginagawa ang mga bagay-bagay. Wala tayong iiwan sa isang krisis – kabilang ang lahat.

## Pagbuo ng higit pang pagkakabilang
# – ano ang iyong magagawa

**Kaya, ano ang ating magagawa sa mga sining, media at isport upang tulungan ang mas maraming mga tao, kanilang mga manggagawa, kustomer at kliyente na maging kabilang, tanggapin ang pagkakaiba-iba, makilahok, magtiwala sa iba, madamang may ugnayan at iginagalang?**

### Pagiging kabilang, pagtitiwala sa iba

- pahusayin ang digital na pagsasali, kabilang ang edukasyon tungkol sa mga panganib at pananatiling ligtas:
  – pag-isipan ang mga pay wall, may diskuwentong subscription, zero-rated na mga website o webpage tungkol sa impormasyong pang-edukasyonl at pangkasalukuyang paksa na tungkol sa pampublikong kalusugan.
- hamunin ang mga stereotype (pinasimpleng pagkategorya) at responsableng makisangkot sa mga kuwento ng mga komunidad.
  – pag-isipan kung paano malamang na tanggapin ng komunidad ang isang kuwento tungkol sa isang komunidad.

- pagkakaroon ng edukasyong magpapabuti sa pangkultural na kakayahan sa sektor at hamunin ang mga stereotype at mga kaugaliang mapangdiskrimina.
- suportahan, ipag-utos at isaprograma ang mga likhang-sining at mga inisyatiba na magtataguyod sa mga mensaheng laban sa diskriminasyon.
- suportahan, ipag-utos at isaprograma ang mga gawaing humahamon sa mga stereotype at mga pag-uugaling hindi-katanggap-tanggap sa lipunan.
- pagpapanatili at paggawa ng audio-visual tungkol sa pamana na makukuha sa digital na format na nagpapakita ng mga nakalipas na pamantayang panlipunan, na nagpapahintulot sa mga mananaliksik, mga tagagawa ng mga dokumentaryo at mga taga-New Zealand na matukoy ang ebolusyon ng diskriminasyon at mga pangkulturang pamantayan.

## Pagtanggap sa pagkakaiba-iba, madamang iginagalang

- hikayatin ang mga positibong saloobin at pag-aasal na nagpapahalaga sa mga magkakaibang kontribusyon:
  - lumikha ng mga lugar o aktibidad na humihikayat ng pagiging kabilang at nakakabawas sa kalungkutan.
- tiyakin ang pagsaklaw sa magkakaibang karanasan sa buhay at mga grupo ng populasyon sa lahat ng sining at media:
- makipag-ugnayan sa mga pinuno ng komunidad o dumalo sa mga kaganapang pangkomunidad para sa mga kuwento ng komunidad.

## Madamang kaugnay

- magpatakbo at magtaguyod ang magkakaibang mga kaganapan sa mga lugar ng sining at media:
  - lumikha ng mga programang lilikha ng pagtutulungan sa komunidad na maaaring kabilangan ng pagdaraos ng mga libreng kaganapan o aktibidad sa sining at musika sa mga lugar gaya ng mga pansining na galeriya at museo
  - maglaan ng libreng mga espasyo sa pagpupulong at pampublikong mga pook sa mga grupong pangkomunidad at mga NGO upang magdaos ng pagtitipong panlipunan, hui at mga workshop.

- pag-isipan ang mga isyu sa paglahok ng pangkulturang sektor. Halimbawa, pagtukoy sa mga isyu ng representasyon sa sining at media at pakikipag-ugnayan sa mga NGO at grupong pangkomunidad na tumutulong sa mga grupong kulang sa representasyon upang maparami ang paglahok.

- makipagtulungan sa mga organisasyong tumutulong sa mga taong bingi at may kahirapan sa pandinig tungkol sa nilalaman ng sining at multi-media na nauugnay sa kanila.
- pagpapahalaga, pagpaparangal, at pagpapanatili ng taonga mula sa nakalipas hanggang sa kasalukuyan para sa mga susunod na henerasyon.
- mas mahusay na edukasyon tungkol sa pangkulturang kakayahan at pag-unawa.
- magpatakbo at magtaguyod ng mga magkakaibang kaganapan sa mga lugar ng sining at media:
  - bumuo ng mga outreach program sa komunidad na maaaring kabilangan ng pagdaraos ng mga libreng kaganapan o aktibidad sa sining at musika sa mga lugar gaya ng mga pansining na galeriya at museo
  - maglaan ng libreng mga espasyo sa pagpupulong at pampublikong mga pook sa mga grupong pangkomunidad at mga NGO upang magdaos ng pagtitipong panlipunan, hui at mga palihan (workshops).
- suportahan, ipag-utos, at isaprograma ng mga gawaing sasalamin sa mga komunidad na kulang sa representasyon. Halimbawa, https://pantograph-punch.com/categories/pacific-arts-legacy-project
- suportahan ang pagkukuwento at musika mula sa magkakaibang hanay ng mga komunidad at kultura.
- pagpapanatili at gawing madaling makuha ang mga materyal na audio-visual na nag-uulat tungkol sa magkakaibang mga karanasan sa buhay at mga grupo ng populasyon sa buong kasaysayan ng New Zealand simula sa unang bahagi ng 1900.

- nagagawang makipag-ugnayan ng mga mananalaysay (historians), mananaliksik, tagagawa ng mga dokumentaryo, tagagawa ng mga nilalaman (content) at iba pang mga taga-New Zealand at matukoy ang mga pagkakapareho at pagkakaiba sa mga pamantayan ng pag-uugali sa ebolusyon ng mga ito sa Aotearoa New Zealand.
  - Mga Wikang Tsino sa Aotearoa New Zealand – ay isang patuloy na proyekto na gumagamit ng wika upang bigyang-tuon ang mga masalimuot na isyu ng kultural na identidad sa loob ng iba't ibang mga komunidad ng taga-New Zealand na mga Tsino. (Tingnan ang website: Chinese Languages in Aotearoa | Te Papa)
  - Mga Kasaysayan ng LGBTQIA+ sa Aotearoa New Zealand: Kōrero takatāpui ki Aotearoa – inaalam ang mga queer na bagay, likhang-sining, at mga kuwento sa mga koleksyon ng Te Papa at sumasaklaw sa mahalagang mga kasaysayan ng mga komunidad at mga icon ng LGBTQIA+ sa Aotearoa New Zealand (tingnan ang website: LGBTQIA+ histories of Aotearoa New Zealand | Te Papa).
  - Pagbuo sa sariling pagkakakilanlan pananamit, identidad at kultura – inaalam ang mga kuwento na nagbibigay-tuon sa mga impluwensya, industriya, at imahinasyon ng moda sa New Zealand sa pamamagitan ng mga koleksyon, eksibisyon at pananaliksik.
- tiyakin ang positibong representasyon ng mga magkakaibang karanasan at pagmamay-ari ng mga kuwento at taonga sa komunidad.
- itaguyod ang mga pagkakaiba-iba ng wika at kultura sa pamamagitan ng iba't ibang paraan.

## Pakikilahok

- makipag-usap sa mga tagapayo ng komunidad, mga pinuno ng komunidad o NGO kaugnay sa social cohesion bilang bahagi ng mga proyekto ng pangkulturang sektor.
- mag-aplay para sa pondo sa mga ahensya ng pamahalaan upang mapondohan ang proyekto ng inyong pangkulturang sektor, COGS o mga Loterya sa pamamagitan ng sistema ng pamamahala ng mga kaloob (grants) o sa pamamagitan ng Programa sa Pagpapaunlad na Pinamumunuan ng Komunidad (Community-Led Development Programme).

- harapin ang mga hadlang sa paglahok sa pangkulturang sektor:
  - tukuyin ang mga demograpiko na kulang sa representasyon at pag-ugnay ng mga salikupan sa mga NGO at grupong pangkomunidad na tumutulong o kumakatawan sa mga grupong iyon upang matutunan kung paano pararamihin ang paglahok.
- gamitin ang mga programa sa sining bilang isang paraan sa pagbuo ng maililipat na mga kasanayan gaya ng pamumuno, pagtutulungan ng pangkat, at pangkulturang kakayahan na maaaring pakinabangan ng ibang mga sektor. Halimbawa, www.sistemaaotearoa.org.nz.
- Ang NZ On Air ay sumusuporta sa isang hanay ng mga grupong pangkomunidad, kabilang ang komunidad ng may kapansanan, sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga programa, paggamit ng mga caption at pagbabalita ng mga kaganapan. Ang tinarget na mga inisyatiba sa pagpopondo sa buong sektor ng pelikula, balita, programa para sa mga bata at musika ay nagpaparami ng paglahok ng iba't ibang grupo (gaya ng Māori, mga taong Pasipiko, Asyano, kabataan at kababaihan).
- dagdagan ang pagkakaiba-iba sa mga lupong namamahala ng isport, at mga oportunidad sa paglahok para sa mga manlalaro, coach, at administrador.
- pagbibigay ng nilalaman para sa mga tagaplano ng kaganapan, taga-organisa, artist at iba pang kasangkot sa mga pangkultural kaganapan na nagbibigay-daan sa paglahok.
- pag-ambag bilang katuwang sa programang Tāhuhu (na kasangkot ang Archives NZ, National Library at Ngā Taonga Sound & Vision) upang itaguyod ang mga aktibidad na nagsusulong sa pagiging kabilang at paglahok.
- gawing madali ang pag-access nang pribado sa mga koleksyong pansining at mga nilalaman (content) ng multimedia para sa mga inapo, mananaliksik, estudyante, artist, tagagawa at praktisyoner.

- pagsagot sa mga tanong at mga kahilingan ng publiko para sa impormasyon tungkol sa koleksyon ng mga bagay at mga kinawiwilihang paksa.
- magbigay ng mga positibong interaksyon at ligtas na mga lugar para sa paglahok ng mga komunidad.
- pagpapabuti ng pag-access para ang mga komunidad ay makipag-ugnay sa mga koleksyong pang-sining at nilalaman (content) ng multimedia.

Te Korowai Whetū
Social Cohesion